REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-125**

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KAWANIHAN NG RENTAS INTERNAS, SA PAMAMAGITAN NI KGG. JOSE ONG, KOMISYONER, NA MABIGYAN NG "TAX EXEMPTION" ANG MGA KOMPANYA NA NASASAKUBAN O NASA LABAS MAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA SA KANILANG IPAGKAKALOOB NA DONASYON PARA SA PAGPAPATAYO NG MULTI-PURPOSE PEOPLE'S CENTER NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang "Multi-Purpose People's Center" ay lubhang kailangan dahil sa kakulangan ng tanggapan ng mga naglilingkuran sa bayan;

SAPAGKAT, ang nasabing "Multi-Purpose People's Center" ay magagamit ng mga mamamayan para sa livelihood seminars, medical clinic, non-government organization (NGO) meetings at iba pang kagamitan ng mga mamamayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, upang higit na matugunan at mapagsilbihan ang pangangailangan ng mamamayan ay kailangang magkaroon ng tanggapan o gusali na pamamahayan ng mga namumuno sa pamahalaang bayan na kung saan doon sila maaaring hanapin at puntahan upang mapagsanggunian at maiparating ang mga suliraning pambayan;

SAPAGKAT, ang mamamayan bilang kabalikat ng mga namumuno sa pamahalaang bayan sa kanilang panunungkulan ay nararapat lamang na makibahagi ito at makilahok sa mga gawaing pambayan upang maging mabisa at makabuluhan ang pagpapatupad nito;

SAPAGKAT, ang tulong na ipagkakaloob ng mga taga pribadong sektor ay kinakailangan upang lalong mabigyan ng diin ang mga serbisyong pambayan;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang katayuan ng kabang-yaman ng pamahalaang bayan ay salat upang matugunan ang iba't-ibang proyektong pambayan tulad ng pagpapatayo ng multi-purpose people's center at ang tulong na pananalapi o iba pang bagay na manggagaling at ipagkakaloob ng mga pribadong bahay-kalakal ay malaking kaluwagan sa pamahalaang bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan sa mungkahi ni kgg. Rufino B. Joaquin at pinangalawahan ni kgg. Lucio B. Constantino na hilingin sa Kawanihan ng Rentas Internas sa pamamagitan ni Kgg. Jose Ong, Komisyoner, na mabigyan ng "tax exemption" ang mga kompanya na magkakaloob ng donasyon para sa pagpapatayo ng multi-purpose people's center ng Pamahalaang bayan ng Muntinlupa at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito si Komisyoner Jose Ong ng Kawanihan ng Rentas Internas.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 81 pangkaraniwang pulong ngayong ika-13 ng Nobyemre 1989 sa Pambayang Hukuman ng Muntinlupa.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



**Kgg. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**Kgg. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O. MOZO**
Konsehal

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**Kgg.** VICENTE YU CHUA
Konsehal

**PINATOTOHANAN :** **RAUL R.** CORRO
**Kalihim Pambayan**